Pangalan: ____________________________________________________________________
Petsa Nang Nagsimula: _______________ Petsa Nang Natapos: ______________ Marka: ________

**Sipi ng Pagsasanay sa Pagkatuto**
**Pagpapahayag ng Opinyon**

**I. PANUTO: Bilugan ang titik ng tamang sagot sa bawat katanungan.**

1. Ang opinyon ay isang kuro-kuro o personal na pananaw ng isang tao.

**a. Mali** **b. Tama** **c. Siguro** **d. Puwede**

2. ***Para sa akin, ang pinakamabisang panlaban sa sakit ay ang palaging paghuhugas ng kamay.***
Ang pangungusap ay nagbibigay ng ______________________.

a. balita b. Babala c. Opinyon d. Impormasyon

3. ***Sa palagay ko, mas mabuting alagaan ang pusa kaysa sa aso dahil malinis sila sa bahay.***
Ang bahagi ng pangungusap na nagpapakita na ito ay isang opinyon ay ang _______________________.

a. kaysa sa b. mas mabuti c. Sa palagay ko d. malinis sa bahay

**PANUTO: Basahin ang teksto pagkatapos ay sagutin ang mga sumusunod na katanungan.**

Ibang-iba na ang mga kabataang babae sa ngayon kung ikokompara noon. Makikita ito sa kanilang pananamit, pagsasalita, panoorin, musika, at mga pinagkakaabalahan. Noon, ang mga babaeng kabataan ay halos hindi makabasagpinggan. Tahimik at mahinhin kumilos. Makikita lamang sila sa loob ng tahanan. Kabaligtaran ito ng ibang kabataang babae sa ngayon. Abot hanggang kanto kung sila ay magsalita. Para ding may mga bulate sa paa dahil hindi napipirmi sa bahay at gusto ay palaging nasa galaan. Sa tingin ko, ang ganitong pagbabago sa mga kabataang babae ngayon ay impluwensiya ng Kanluraning kultura.

4. Ang opinyon ng talata tungkol sa mga kabataang babae ay _______________________.
   a. pagkakaiba ng kanilang ugali noon at ngayon
   b. hindi maganda ang ugali ng mga kabataang babae ngayon
   c. walang pagkakaiba ang mga kabataang babae noon at ngayon
   d. malaki ang impluwensiya ng ibang kultura sa mga kabataang babae

5. Ang magpapatunay sa opinyon ng talata tungkol sa pagkakaiba ng mga kabataang babae noon at ngayon ay ___________.
   a. hindi makabasag-pinggan ang mga babae noon samantalang malalakas magsalita ang mga babae ngayon
   b. palaging nasa loob lamang ng bahay ang mga babae noon samantalang ang mga babae ngayon ay laging lumalabas
   c. Parehong nasa pahayag A at B
   d. Wala sa pahayag A at B

**II. PANUTO:** Tukuyin kung alin ang patunay o basehan ng mga nakasulat na opinyon. Piliin ang letra ng iyong sagot mula sa kahon at isulat ang titik sa patlang bago ang bilang.

_______ 6. Naniniwala akong mapatatawad ka rin ng iyong mga magulang.

_______ 7. Para sa akin, siya dapat ang nanalo sa patimpalak sa pag-awit.

_______ 8. Kung hindi ka magtitipid sa paggastos, tiyak na magsisisi ka sa huli.

_______ 9. Kung ako ang tatanungin, mahalaga sa tao ang edukasyon.

_______ 10. Pakiwari ko ay tataba ako ngayong bakasyon.

________ 11. Kahit magkapatid pa ay hindi rin palaging nagkakasundo.

________ 12. Sa aking palagay, hindi maganda ang idinulot sa mga tao ng social media.

________ 13. Sa nakikita ko, magiging masaya ang buhay ng bagong kasal.

________ 14. Sikat na sikat ang mga artistang Korean sa Pilipinas ngayon.

________ 15. Naniniwala akong siya ang kumuha ng iyong pera.

a. Siya kasi ay may ginintuang tinig.

b. Sila ang iginuhit ng tadhana na magsama habang-buhay.

c. Para din silang mga aso't pusa kahit na magkadugo.

d. Panay kain at takaw-tulog ako dahil lagi lamang nasa bahay.

e. Hindi mahulugang karayom kapag sila ay bumibisita at nagdaraos ng konsiyerto sa bansa.

f. Masyado kang galit sa pera na hindi mo iniisip ang bukas.

g. Kidlat sa bilis kung kumalat ang mga fake news na pinaniniwalaan agad ng mga tao.

h. Kilala kasi siya sa lugar namin na malikot ang kamay.

i. Mayroong magandang hinaharap ang mga taong nakapag-aral.

j. Mayroon silang malawak na isip para maintindihan na hindi mo ito sinasadya.